

# Makipag-ugnayan at Gumalang Mga Inaasahan

**Nakatuon ang ating mga paaralan sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa lahat ng mag-aaral sa isang ligtas, mapangkupkop at mapagmalasakit na kapaligiran para sa pag-aaral. Pinapahalagahan namin ang pakikipagtulungan sa mga magulang at pamilya bilang mahahalagang katuwang sa mga kahihinatnan ng pag-aaral ng mag-aaral.**

Ang mga paaralan ay naghihikayat sa pagkakaibat-iba at mga kalakasan ng mga lokal na komunidad para gumawa ng mga pagkakataon na magkatulungan at magtakda ng mga panuto para sa mga mag-aaral. Mahalaga rito ang pagbuo ng mga ugnayan sa bawat lokal na komunidad nang may paggalang sa isa't isa.

Ang isang komunidad ng paaralan ay may malawak na iba't ibang indibidwal at grupo na nagsisikap na magtulungan para turuan ang mga mag-aaral na maging may tiwala sa sarili at may pinag-aralang kabataan; na handang magkaroon ng masasaya at matatagumpay na buhay at mag-gawad sa mga lokal at pandaigdigang komunidad.

Makikipag-ugnayan ang mga kawani ng paaralan sa mga pamilya para maunawaan ang mga interes, personalidad, at pangangailangan ng kanilang mga anak. Ang lahat ng mag-aaral ay kailangan ng kakayahang makakuha ng de-kalidad na edukasyon sa mga ligtas at walang peligrong kapaligiran para sa pag-aaral, at nang may mga angkop na suporta para umusad at sumikat.

Posibleng magkaroon ng mga pagkakataon habang nag-aaral ang iyong anak na mangangailangan ng karagdagang suporta, o may lumabas na mga isyu. Susuportahan ka at ang anak mo ng iyong paaralan para maproduktibong malutas ang mga isyu na ito at hinihikayat ka naming ipagbigay-alam ang mga alalahanin nang maaga hangga't maaari.

Ang mga pinagbabahaginan at may galang na inaasahan at pinapahalagahan ay magbibigay- kakayahan sa ating magkatulungan para sa mga ikabubuti ng ating mga anak.

## Ano ang maaasahan ng mga magulang at tagapag-alaga sa ating mga paaralan

Ang komunikasyon sa pagitan mo at ng iyong paaralan ay mahalagang bahagi ng edukasyon ng iyong anak. Umuunlad ang mga komunidad ng paaralan sa nakabukas na pag-uusap kung saan ang mga kawani, mag-aaral, magulang, at tagapag-alaga ay may mga pagkakataong magbahagian ng magagandang balita, magtalakay ng mga isyu, at magpanatili ng bukas na usapan.

Ang mga paaralan ay binubuo ng masisipag at masusugid na propesyonal na makikinig, magmamalasakit at tutugon sa iyong mga alalahanin at makikipagtulungan sa iyo para malutas ang mga reklamo. Nalaman namin sa paglipas ng panahon na kahit ang mga pinakamahihirap na sitwasyon ay nalulunasan. Maaasahan mo sa iyong paaralan ang ilan sa mga sumusunod:

- regular na komunikasyon sa pamamagitan ng mga paraang inaprubahan ng paaralan
- mga ulat sa pag-usad at tagumpay ng iyong anak
- pagpaparangal sa mga tagumpay ng iyong anak
- abiso tungkol sa anumang malubhang isyu o kasalukuyang mga isyu hinggil sa iyong anak
- mga nakaiskedyul na pagkakataong makipagkita sa gurong nagtuturo sa klase
- iba pang pagkakataong makipagkita sa guro, sa pamamagitan ng appointment
- mga bagong balita tungkol sa mahahalagang pag-unlad ng iyong anak sa kanyang klase
- mga abiso o imbitasyon sa mga kaganapan sa paaralan
- mga pagkakataong magbigay ng magalang at maproduktibong balik-puna.

**Kailangan ng lahat ng mag-aaral na makakuha ng de-kalidad na edukasyon sa loob ng mga ligtas at walang peligrong kapaligiran para sa pag-aaral.**

## Ano ang mga hindi dapat asahan ng mga magulang at tagapag-alaga sa ating mga paaralan

May mga pamilya at personal na buhay rin ang ating mga kawani, at katulad ng lahat ng propesyonal, nakakapagtrabaho sila nang pinakamahasay kapag mayroon silang de-kalidad na balanse ng trabaho at buhay. Hindi dapat asahan ng mga magulang at tagapag-alaga na:

- matatawagan ng mga kawani ng paaralan ang mga tumawag pagkatapos ng mga oras ng trabaho
- masasagot ang mga email tuwing gabi o Sabado at Linggo
- makukuha ang mga pribadong numero ng telepono o email ng mga guro
- makikipagkita ang mga kawani sa mga magulang at tagapag-alaga, nang walang appointment, sa araw na may pasok sa paaralan
- mapapayagang tumuntong sa paaralan kung nanligalig o naging agresibo ka sa mga kawani ng paaralan.

### Dapat kang makipag-ugnayan sa paaralan ng iyong anak kung:

- may mga alalahanin ka tungkol sa takbo ng pag-aaral o panlipunang pag-usap ng iyong anak
- nagkaroon ng mga medikal na isyu o nagbago ang diyagnosis
- may mga pagbabago sa mga sitwasyon ng pamilya
- may mga isyu sa kaligtasan o pagbabago sa pag-uugali sa bahay
- nagkaroon ng mga isyung panlipunan na maaaring makaapekto sa kaligtasan at kapakanan ng mga mag-aaral sa paaralan
- gusto mong magpa-appointment o baguhin ang iskedyul ng appointment.

## Komunikasyon na nakakasagabal sa pagtuturo at pag-aaral

- walang galang o agresibong pakikipag-usap sa mga kawani, lalo na sa harap ng iyong anak o ibang pang mga mag-aaral
- pag-asam na makikipagkita sa kawani sa araw na may pasok sa paaralan nang walang appointment
- pagbisita sa silid-aralan sa oras ng paghahanda ng guro bago magsimula ang klase
- paggamit ng mga platform ng social media sa hindi angkop at walang galang na paraan
- malisyoso o mapanghusgang tsismis
- Sa pamamagitan ng tamang papel ng pagganap ng lahat ng tao sa pagbibigay ng mga ligtas at positibong kapaligiran at oportunidad para sa ating mag-aaral, nabibigyang-kakayahan natin silang magawa nila ang pinakamahasay.

## Mga pamamaraan ng komunikasyon

Ang elektronikong komunikasyon, katulad ng email, ay angkop para sa mga maikli, hindi apurahan, at positibong paraan ng komunikasyon. Hindi ito angkop para sa mga mas kumplikado o emosyonal na sitwasyon. Sa mga ganitong kaso, dapat ay humiling ang mga magulang ng harapang pagpupulong upang mabigyan ang mga isyu ng oras at atensyon na nararapat sa mga ito. Kung may alinlangan, makipag-usap sa iyong paaralan.

## Mga alalahanin at reklamo

Makipag-ugnayan sa iyong paaralan nang maaga hangga't maaari kung may mga alalahanin ka. Kung hindi ka sigurado kung sino ang kakausapin, maaari kang magsimula sa guro ng iyong anak. Para sa ilang usapin, posibleng angkop na direktang makipag-usap sa tagapag-ugnay ng baitang, kawani ng pangasiwaan ng paaralan, o punong-guro ng iyong anak.

Kung nilapitan mo na ang paaralan ng iyong anak pero hindi mo nagawang lutasin ang isyu, sumangguni sa aming proseso sa pagrereklamo para siyasatin ang mga opsyon mo sa [education.wa.edu.au/complaints](https://www.education.wa.edu.au/complaints).

**Ang mga pinagbabahaginan at magalang na inaasahan at pinapahalagahan ay magbibigay- kakayahan sa ating magkatulungan para sa mga ikabubuti ng ating mga anak.**